


4

Musika

Ikaapat na Markahan – Modyul 1 Pag-awit at Pagkilos sa Tempong *Largo* at *Presto*



Musika – Baitang 4
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pag-awit at Pagkilos sa Tempong *Largo* at *Presto*
Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Serena A. Bardaje

Editor: Jerilyn M. Torio

Tagasuri: Cynthia T. Montañez

Tagaguhit: Emma N. Malapo

Tagalapat: Serena A. Bardaje

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad

Francisco B. Bulalacao, Jr.

Grace U. Rabelas

Ma. Leilani R. Lorico

Jerson V. Toralde

Belen B. Pili

Cynthia T. Montañez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telepono: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Musika

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
Pag-awit at Pagkilos sa Tempong *Largo*
at *Presto***

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang Araw sa iyo!

Ang mga awitin o tugtugin ay maaaring lagyan ng kilos o galaw ayon sa bilis o bagal ng awitin o tugtugin. Maaari ring ilarawan sa pamamagitan ng iba't ibang kilos ng katawan na naaayon sa daloy ng awitin o tugtugin.

Sa modyul na ito ay malilinig ang iyong kaalaman sa pag-unawa mo sa kilos o galaw ayon sa bilis o bagal ng musika.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod;

1. Nakatutugon sa tempo ng awitin sa pamamagitan ng naaayon na kilos o galaw.
2. Nakikilala ang mga tempong *presto* at *largo* sa isang awitin o tugtugin.



Subukin

1. Ano ang makikikita sa larawan?

2. Batay sa larawan, sino sa dalawa ang mabilis nakakagawa ng kilos o galaw? Bakit?





Balikan

Napag-aralan mo sa nakaraan modyul ang tungkol sa dynamics, (paglakas at paghina) ng isang awitin o tugtugin.

Pag-aralan ang awiting “Natutulog ang Bata”. Gamitin ang link na ito <https://www.youtube.com/watch?v=jpAFcwtLVgw> upang marinig ang wastong tono ng awit.

Awitin ito nang naayon sa daynamiks at titik ng awit.

Natutulog Ang Bata

p
Na - tu - tu - log, na - tu - tu - log, Ang ba - ta,
f
Ang ba - ta, A - tin s'yang gi - si - ngin,
A - tin s'yang gi - si - ngin, Gi - sing na! Gi - sing na!

Source: *Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro*

Ano ang dapat gawin sa bahagi ng awit na may simbolong “*p*” at “*f*”?

Magbigay ng halimbawa ng pagkakataon o sitwasyon na kailangan ninyong magsalita nang mahina?



Magbigay ng halimbawa ng pagkakataon o sitwasyon na kailangan ninyong magsalita nang malakas?

Katulad ng dynamics, ang tempo ay nagbibigay ng ekspresyon sa awit at nagpapahiwatig ng damdaming nais iparating ng isang komposisyong musikal.



Tuklasin

1. Tukuyin mo kung alin sa mga larawan ang nagpapakita ng mabagal na pagkilos. Lagyan ng tsek (/) ang larawan. Ano ang dahilan at mabagal silang kumilos?




2. Bigkasin ang mga titik ng awiting“ Telebong” at ipalakpak ang ritmo nito habang sinasabayan ang link na ito – https://www.youtube.com/watch?v=gimsS_jtwEE



Telebong
 Telebong, telebong, telebong
 Si Tatay nagsabong
 Nanalo ng piso
 Sumakay pa sa awto.
 Ang awto’y pabalingbaling
 Ang tsuper pala’y duling
 Nabangga sa pader
 Nalagas ang ngipin

Paano mo ipinalakpak ang ritmo nito? _____

Bakit mo isinagawa ito nang mabilis? _____

3. Tukuyin ang mga hayop sa larawan. Paano sila kumikilos kung may hinahabol sila?







Suriin

Sa musika, mahalaga na sundin ng mang-aawit at manunugtog ang mga mahahalagang simbolo. Kabilang na rito ang iba't-ibang simbolo na tumutuon sa bilis ng musika.

Kadalasang ginagamit sa mga likhang awit ay mga salitang nasusulat sa wikang Italya. Ang mga salitang ito ay nagbibigay ng ideya sa mga mang-aawit o manunugtog kung gaano kabilis o kabagal dapat awitin o tugtugin ang isang kanta.

Ang mga awitin o tugtugin ay kumikilos tulad ng mga pangyayari sa paligid. May mga pagkakataon na kailangang kumilos nang mabilis at mabagal. Kaugnay nito, ang musika ay dumadaloy sa mabilis at mabagal na paraan.

Ang ***presto*** ay isang halimbawa ng *tempo markings* na nagsasaad ng mabilis na tempo sa isang awitin, samantalang ang ***largo*** ay halimbawa ng *tempo markings para sa* mabagal na tempo.

1. Pag-aralan ang awit na “Masaya kung Sama-sama”. Awitin nang may tempong presto. Gamitin ang youtube link upang maawit ito ng wasto habang sinusundan ang titik ng awit sa piyesa.

<https://www.youtube.com/watch?v=jHF9DW7Chnw>.

MASAYA KUNG SAMA-SAMA

Kantang Aleman

Masigla

Ma - sa - ya kung sa - ma - sa - ma ang mag - ka - kai - bi - gan, Ma - sa -
ya kung sa - ma - sa - ma at may ta - wa - nan, Kay
i - nam ng bu - hay kung nag - a - a - wi - tan, Ma - sa -
ya kung sa - ma - sa - ma at may ta - wa - nan.

Source: *Musika at Sining 4 Kagamitan ng Mag-aaral*,

- a. Ano ang tempo ng awit?

- b. Anong damdamin ang ipinahihiwatig nito?

- c. Angkop ba ng tempong ginamit sa damdaming ipinahihiwatig ng awit? _____
- d. Kailan ginagamit ang mabilis na tempo?

2. Pag-aralan mo ang awit na “*Brahms’Lullaby*”. Pakinggan ang tono ng awit sa link: https://www.youtube.com/watch?v=Ne7W_z6O8Nw. Sabayan ng pag-awit gamit ang titik sa piyesa.

Brahms’ Lullaby

(Cradle Song)

Johannes Brahms

The musical score is written in treble clef with a 3/4 time signature. The lyrics are: "Lul - la - by and good - night, with - ros - es be - dight, With li - lies be - spread is ba - by's wee bed; Lay thee down now and rest, may thy slum - ber be blessed. Lay thee down now and rest, May thy slum - ber be blessed." Chord symbols (C, G7, F) are placed above the notes to indicate the accompaniment.



www.makingmusicfun.net

Copyright © 2009 www.makingmusicfun.net


a. Anong uri ng awit ang “*Lullaby*”?

b. Anong damdamin ang ipinahihiwatig nito?

c. Paano mo ito aawitin?

d. Kailan pa umaawit nang mabagal?

3. Kumuha ka ng manika at awiting muli ang *Brahms' Lullaby* sa tamang tempo. Kunan ng larawan o video ang iyong gawain. Ipasa ito sa guro.



Pagyamanin

Gawin mo ang mga sumusunod

A. Isulat salitang mabilis o mabagal.

1. Paano tumatakbo ang kuneho (rabbit)? _____
2. Paano tumatakbo ang pagong? _____
3. Paano umiihip ang hangin kung may bagyo? _____
4. Paano umiihip ang hangin kung maaliwalas ang panahon? _____
5. Paano umiikot ang elesi ng electric fan? _____

B. Narito ang ilang excerpts ng mga kilalang awitin. Maaari mong pakinggan sa youtube link na nakalagay katabi ng pamagat ng awit.

Sagutin mo ito:

Batay sa isinasaad ng mga titik ng kanta, paano dapat awitin ang mga sumusunod na awit. Iguhit ang:



kung mabilis at



kung mabagal.

1. Happy Birthday Song


(<https://www.youtube.com/watch?v=7KPfOVw3JwY>)

Happy Birthday to you, Happy birthday to you,
Happy Birthday, Happy Birthday,
Happy Birthday to you.




2. Ili-Ili Tulog Anay (<https://www.youtube.com/watch?v=reffH9YQzXk>)

Ili-ili tulog anay,
Wala diri imong Nanay
Kadto tienda, bakal papay,
Ili-ili, tulog anay.



3. Kumusta Ka (<https://www.youtube.com/watch?v=63czT0YoNok>)

Kumusta ka
halina't magsaya
Ipalakpak ang kamay,
Ituro ang paa
Ipadyak ang kanan,
ipadyak ang kaliwa
Umikot ng umikot
At humanap ng iba.





Isaisip

Ang **tempo** ay isang elemento ng musika na tumutukoy sa bilis o bagal ng isang awitin o tugtugin.

Ang **tempo** ay nagbibigay ekspresyon sa awit at nagpapahiwatig ng damdaming nais iparating ng isang komposisyong musikal.

Ang **tempo mabilis** ay ginagamit sa mga awit o tugtuging may kasiyahan o kasiglahan tulad ng kaarawan, piyesta at iba pang selebrasyon. Ang **presto** ay isang halimbawa ng *tempo markings* na nilalagay sa isang awit o tugtugin.

Ang **mabagal na tempo** ay ginagamit sa awiting nagpapahayag ng kalungkutan, awit na pampatulog, sa pagmamahal at sa pagdarasal. Ang - **largo** ay isang halimbawa ng *tempo markings* na nilalagay sa isang awit o **tugtugin**..



Isagawa

Sa musika ay mayroon ding iba't ibang bilis o bagal.


1. Pag-aralan mo ang awiting “Mga Alaga Kong Hayop”.
Sabayan ang youtube link na ito
<https://www.youtube.com/watch?v=tSkhpFIzMXQ>

Gumawa ng video recording ng iyong mga gawain at ipasa sa guro gamit ang messenger.


Mga Alaga Kong Hayop

D. Castillo

Luz Odullo



1. Lu - mi - pad, lu - mi - pad ang i - bon, ang i - bon, ang i - bon, lu - mi -
2. Tu mak - bo, tu - mak - bo ang pu - sa, ang pu - sa, ang pu - sa, tu - mak -
3. Tu - ma - lon, tu - ma - lon ang a - so, ang a - so, ang a - so, tu - ma -
4. Gu - ma - pang, gu - ma - pang ang pa - gong, ang pa - gong, ang pa - gong, gu - ma -
5. Tu - ma - lon, tu - ma - lon ang rab - bit, ang rab - bit, ang rab - bit, tu - ma -



- | | | | | | | |
|-------|----------------|-----|-----------|----|---------------------|-----------|
| pad, | lu mi - pad | ang | i - bon | sa | ma - gan - dang | pu - gad. |
| bo, | tu - mak - bo | ang | pu - sa | sa | lo - ob ng | ba - hay. |
| lon, | tu - ma - lon | ang | a - so | sa | ma - gan - dang | ba - kod. |
| pang, | gu - ma - pang | ang | pa - gong | sa | ka - ra - ga - tan. | |
| lon, | tu - a - lon, | ang | rab - bit | sa | ha - la - ma - na. | |

2. Awitin mong muli at sabayan ng kilos ng katawan.
3. Ano ang ipinahihiwatig ng awit?
4. Maaari bang ikilos ang bawat sinasabi sa awit na kilos ng ibon, pusa, aso, pagong at rabbit?
5. Iyayon mo ang wastong tempo (bilis o bagal) ng musika sa pagkilos o pag-awit mo.



Tayahin

- A. May mga awiting inaawit na mabilis at meron naming mabagal,. Isulat sa sagutang papel ang angkop na tempo ng mga sumusunod na awitin. Gamitin ang youtube link upang matukoy mo ang tempong mabilis at mabagal.

1. Pilipinas Kong Mahal

<https://www.youtube.com/watch?v=glWaHBK3j6g>

2. Supercalifragilisticexpialidocious
<https://www.youtube.com/watch?v=UR4uLNFEauw>
3. BINGO
<https://www.youtube.com/watch?v=JvfG3y77SuI>
4. Pasko ay Sumapit
https://www.youtube.com/watch?v=OVpE_YM2K3w
5. May Bukas Pa
https://www.youtube.com/watch?v=IWKRrMf_kyY
6. Pen pen de sarapen
<https://www.youtube.com/watch?v=NZRN9dxZCmc>
7. Ili-Ili Tulog Anay
<https://www.youtube.com/watch?v=reffH9YQzXk>
8. It's a small World
<https://www.youtube.com/watch?v=MVpMUgKtds4>
9. Leron, Leron Sinta
<https://www.youtube.com/watch?v=rEpBKZJcyYI>
10. Si Nanay, Si Tatay
<https://www.youtube.com/watch?v=oOQwEP3az9w>

B. Gawin ang mga sumusunod, na kilos o galaw batay sa nakasaad na tempo. Gumawa ng video recording ng mga Gawain at ipasa sa guro gamit ang messenger.

1. Paglakad nang mabagal tulad ng pato na nakalikya
2. Paglukso nang mabilis tulad ng kabayo.
3. Tumatakpong pusa
4. Paglakad tulad ng pagong
5. Matandang masakit ang baywang

C. Punan ng wastong sagot ang mga puwang.

Ang _____ ay isang halimabawa ng *tempo marking* na ginagamit sa mga awit o tugtuging may kasiyahan o kasiglahan tulad ng kaarawan, piyesta at iba pang selebrasyon.

Ang _____ ay isang halimabawa ng *tempo marking* na ginagamit sa awiting nagpapahayag ng kalungkutan, awit na pampatulog, sa pagmamahal at sa pagdarasal.



Karagdagang Gawain

Bigkasin ang mga chants. Gawin ito nang mabagal at mabilis.

Gumawa ng video recording ng ginagawa at ipasa sa guro gamit ang messenger.

1. **“Engine, Engine, Number 9”**

Engine, engine number 9
Going down the railroad line
If the train goes off the track
Will I get my money back?
Will I get my money back?
Yes, No, maybe so.

2. **“Double, Double”**

Double, double, this, this
Double, double, that that
Double this, double that
Double, double this that.

(Aksyon ng chant na Double, double)

Double - apir sa kaparehas na nakasarado ang kamao

This - apir sa kaparehas

That - apir na nakatalikod ang pala



Susi sa Pagwawasto

Subukin

- Higante
May kabagalan sa paggalaw
- Karaniawang lalaki
Mablis na kumilos

Balikan

(Pwedeng magkaiba-iba ng sagot)

Mabagal na kilos

Tuklasin

Sasakyan sa highway / mabagal ang kilos dahil sa traffic

Pasyente sa ospital / mabagal ang kilos dahil may masamang karamdaman

Tumatawid sa matarik na tulay / mabagal ang kilos para hindi mahulog sa bangin




Matandang malabo ang mata / mabagal ang kilos dahil hindi masyadong nakakakita sa dinadaan

- Ibinigkas ko ang rhyme nang mablis
Ipinalipak ko ang ritmo na naayon sa bilis ng vpagbigkaas ng titik ng awit
Mablis ang pagbigkas ssapagkat ang mga titik ay nagpapahayag ng pangyayaring may kasiyahan
3. pusa - mablis
Aso - mablis
Pagong - mabagal
Kuneho -- mablis

Surtin

1.
 - a. Mabiliss
 - b. Masigla
 - c. Oo
 - d. Ginagamit ang mabilis na tempo kapag may kasiyahn o kasiglahan
2.
 - a. Pampatulog
 - b. Slowly and sweetly
 - c. Mabagal
 - d. Ginagamit ang mabagal na tempo kapag nagpapahayag ng kalungkutan, awit na pampatulog, sa pagmamahal at sa pagdarasal.

Payamanin

1.  1.
2.  2.
3.  3.

Isagawa

3. Ang awitin ay tungkol sa iba't-ibang kilos o galaw ng mga hayop

Tayahin

- A.
 1. Mabagal
 2. Mabilis
 3. Mabilis
 4. Mabilis
 5. Mabagal
 6. Mabilis
 7. Mabagal
 8. Mabilis
 9. Mabilis
 10. Mabagal
- B.
- C.
 1. Tempong mabilis
 2. Mabagal na tempo

Sanggunian

Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc. 2015

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp., 1999

google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oq=kinds+of+n
ote+clipart

+

png&aqs=chrome..69i57j33.19760j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF
-8

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph